

PARA SA AGARANG PAGLABAS

## **Ang Lungsod ng Brampton ay nakikipagtulungan sa Operation Lifesaver para itaas ang kamalayan tungkol sa kaligtasan sa pagtawid sa riles**

BRAMPTON, ON (Setyembre 24, 2021) – Sa araw na ito, ang Lungsod ng Brampton sa pakikipagtulungan sa Operation Lifesaver Canada at sa HUB Surface Systems, ay binuksan ang bagong mga decal na pangkaligtasan sa riles sa Brampton GO Station bilang bahagi ng *Look. Listen. Live.* Programa sa Partnership sa Kaligtasan ng Komunidad.

Bawat taon, dose-dosenang mga Canadian ang namamatay o seryosong nasugatan sa pagkakabangga sa mga tawiran sa riles.

Ang [Operation Lifesaver](#) ay nakikipagtulungan sa mga munisipalidad kung saan maaaring iinstalla ang mga decal na pangkaligtasan sa riles para paalalahanan ang mga tao na maging alerto at may kaalaman sa mga pagtawid sa riles.

Ang layunin ng mga decal ay para maiwasan ang mga insidente ng kagimbal-gimbal na pagtawid sa pamamagitan ng pagbibigay ng higit na kaalaman sa mga taong naglalakad, mga nagbibisikleta, at mga drayber tungkol sa pangangailangan na maging alerto sa mga pagtawid sa riles. Ang mga decal na ito ay gawa sa thermoplastic na materyales na bihasang isinaayos para ma-maximize ang buhay ng mga marka sa pavement.

Ang Road Operations teams ng Brampton ay mag-iinstalla ng walong decal sa mga tawiran sa riles sa lungsod kabilang ang:

- Apat na decal sa Mill Street at Railroad Street; at
- Apat na decal sa James Street at Johns Street.

Para sa karagdagang impormasyon sa Operation Lifesaver, bisitahin ang [operationlifesaver.ca](http://operationlifesaver.ca)

### **Mga Quote**

“Ang Brampton ay isang Nakakalusog at Ligtas na Lungsod. Ipinagmamalaki kong makipag-partner sa Operation Lifesaver para makatulong sa pagtaas ng kamalayan tungkol sa kahalagahan ng pagiging alerto sa pagtawid sa riles. Kahit na isang trahedya lang ay isa na sa napakarami, at umaasa ako na ang inisyatibang ito at ang mga decal na ito ay magpapataas sa kamalayan para sa buong komunidad.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang partnership na ito sa Operation Lifesaver ay nilalayan para gawing mas may alam ang publiko tungkol sa mga panganib sa pagtawid sa riles at makatulong na magligtas ng buhay. Ang kaligtasan ng lahat ng residente ng Brampton ay ang pinaka-mahalaga at kritikal na ang bawat isa ay maging may alam sa kanilang mga kapaligiran para sa kanilang sariling kabutihan.”

- *Paul Vicente, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5, Chair, Public Works and Engineering, Lungsod ng Brampton*

“Ang Lungsod ng Brampton ay committed sa kabutihan ng ating mga residente at sa buong komunidad. Ang partnership na ito sa Operation Lifesaver ay napakahalaga sa pagtulong sa pagprotekta sa kaligtasan ng mga taong naglalakad, mga nagbibisikleta at mga motorista sa lahat ng pagtawid sa riles sa Brampton.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

“Ang mga insidente sa mga pagtawid sa riles ay kagimbal-gimbal na karaniwan sa bansang ito, at bawat isa sa atin ay nakakaapekto sa pamilya at mga kaibigan ng biktima, pati na rin sa mga empleyado ng riles, mga first responder at mas malawak na komunidad. Ang programang ito ay nilalayon na gawing mas may alam ang publiko tungkol sa mga panganib sa pagtawid sa riles, na inaasahang makapagligtas ng mga buhay. Gusto namin na magdahan-dahan ang mga tao, tumingin sa dalawang direksyon, makinig sa mga paparating na tren, at sundin ang lahat ng palatandaan at hudyat na babala sa riles.”

- *Sarah Mayes, National Director of Operation Lifesaver Canada*

-30-

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa [www.brampton.ca](http://www.brampton.ca)

**KONTAK NG MEDIA**

Prabhjot Kainth  
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad  
Strategic na Komunikasyon  
Lungsod ng Brampton  
905-874-3426 | [Prabhjot.Kainth@brampton.ca](mailto:Prabhjot.Kainth@brampton.ca)